

7 Hunyo 2026 – Ang Kabanal-banalang Katawan at Dugo ni Kristo (Corpus Christi) – TAON A

Deut 8,2-3.14-16; 1 Cor 10,16-17; Jn 6,51-58

PAMBUNGAD:

Minsan, isang maliit na batang lalaki ang sumama sa kanyang mga magulang sa isang malaking sentro ng pamilihan. Saan man siya tumingin ay may kumikislap na mga ilaw, makukulay na palamuti, at mga estanteng puno ng pagkain at mga pasalubong. Humingi siya ng matamis, laruan, at inumin, at binigyan naman siya ng kanyang mga magulang. Ngunit pagkaraan ng ilang sandali, siya ay naging hindi mapakali at mainitin ang ulo. Sa wakas, pinaupo siya ng kanyang ina, binigyan ng isang simpleng sandwich, at sinabi, “Ito ang talagang kailangan mo.” Doon lamang siya kumalma at nakaramdam ng tunay na kasiyahan.

Sa katulad na paraan, madalas nating pinupuno ang ating buhay ng maraming bagay—trabaho, tagumpay, aliwan, at mga ari-arian. Ngunit sa kaibuturan ng ating pagkatao, nananatili ang isang pagka-gutom na hindi kayang busugin ng alinman ng mga ito. Maaaring marami na tayong taglay, ngunit nararamdaman pa rin natin na may kulang.

Ngayon, sa dakilang kapistahan ng Kabanal-banalang Katawan at Dugo ni Kristo, ipinapaalala sa atin ng Simbahan na ang mas malalim na pagkagutom na ito ay totoo—at ang Diyos mismo ang dumarating upang tugunan ito. Sa Eukaristiya, hindi lamang tayo binibigyan ni Hesus ng isang bagay; ibinibigay Niya ang Kanyang sarili. Siya ang ating tunay na pagkain, ang Tinapay ng Buhay na tanging makapupuno sa pananabik ng ating mga puso.

Habang tayo ay nagtitipon sa palibot ng altar, lumalapit tayo hindi dahil tayo ay busog, kundi dahil tayo ay nagugutom; hindi dahil tayo ay karapat-dapat, kundi dahil tayo ay nangangailangan. Kaya ngayon, aminin natin ang ating mga kasalanan at ang ating espirituwal na pagkauhaw, at ihanda natin ang ating mga puso upang tanggapin ang Tanging Makapagpupuno sa atin.

HOMILIYA: Si Kristo, ang Tinapay ng Buhay: Ang Tumutugon sa Ating Pinakamalalim na Pagkagutom at Nagbubuklod sa Atin sa Pag-ibig

May isang binatang gumugol ng maraming taon sa paghahangad ng tagumpay. Masigasig siyang nag-aral, nakapagtayo ng magandang karera, kumita ng malaking salapi, nakapaglakbay sa iba't ibang lugar, at pinuno ang kanyang buhay ng samu't saring karanasan. Isang gabi, habang nakaupo siyang mag-isa sa kanyang magandang apartment na tanaw ang buong lungsod, nakaramdam siya ng kakaibang kawalan. Nasa kanya na ang lahat—ngunit may kulang pa rin. “Ito na ba talaga ang lahat?” tanong niya sa kanyang sarili. “Bakit tila may kulang pa rin sa aking kalooban?”

Ang tanong na iyon ay hindi lamang para sa kanya. Ito ang tahimik na tanong na bumabalot sa puso ng bawat tao.

Mga minamahal kong kapatid kay Kristo, ang kapistahan ng Kabanal-banalang Katawan at Dugo ni Kristo na ating ipinagdiriwang ngayon ay tuwirang nangungusap sa nakatagong pagkagutom na nasa loob ng bawat isa sa atin. Ipinapaalala nito na may mas malalim na pagka-gutom kaysa sa pagka-gutom sa pagkain—isang pagka-gutom para sa kahulugan ng buhay, para sa pag-ibig, at para sa Diyos. At ipinahahayag nito na si Hesus mismo ang kasagutan sa pagkagutom na iyon.

May isang magandang kuwento na isinalaysay sa pelikulang *Babette's Feast*. Si Babette, na dating isang bantog na chef, ay ginugol ang lahat ng kanyang naipon upang maghanda ng isang napakagandang salu-salo para sa isang maliit at payak na komunidad. Habang sila ay magkakasamang nakaupo sa hapag-kainan, may isang pambihirang nangyari. Naghilom ang mga dating sugat ng mga damdamin, nabuksan ang mga puso, at muling nagbalik ang kagalakan. Hindi lamang ang pagkain ang nagbago sa kanila, kundi ang pag-ibig na ibinuhos sa paghahanda nito.

Iyan ang ating ipinagdiriwang sa Eukaristiya. Hindi lamang tinapay at alak, kundi pag-ibig na ibinigay, buhay na ibinahagi, at si Kristo mismo na iniaalay para sa atin.

Matapos ang mahimalang pagpaparami ng mga tinapay, ninais ng mga tao na gawing hari si Hesus. Nakita nila sa Kanya ang isang taong makalulutas sa kanilang suliranin sa pagka-gutom. Ngunit lumayo si Hesus. Hindi Siya naparito upang maging isang “hari ng tinapay” na basta na lamang magpapabusog sa mga walang laman na sikmura. Naparito Siya upang tugunan ang mas malalim na pagkagutom—ang pagkagutom ng kaluluwa ng tao.

At kilalang-kilala natin ang pagkagutom na iyon. Maraming tao ang naghahangad ng tagumpay, pagkilala, kasiyahan, at iba't ibang karanasan, ngunit may nananatili pa ring kakulangan sa kanilang kalooban. Tulad ng isang batang paulit-ulit na humihingi ng matamis ngunit hindi kailanman tunay na nasisiyahan, madalas nating pinupuno ang ating buhay ng mga bagay na hindi naman tunay na nakapagbibigay-buhay sa atin.

May isang simpleng kuwento na nagpapalinaw nito. Isang bata ang walang tigil sa paghingi ng kendi sa kanyang ina. Patuloy siyang binigyan ng kendi hanggang sa siya ay sumama ang pakiramdam. Pagkatapos ay inilapag ng kanyang ina sa harap niya ang isang simple ngunit masustansiyang pagkain at sinabi, “Ito ang talagang kailangan mo.” Sa gayunding paraan, ang ating mga puso ay hindi tunay na naghahangad ng panandaliang kasiyahan kundi ng isang bagay na mas malalim ang kahulugan at pangmatagalan.

Sinasagot ni Hesus ang pananabik na ito nang sabihin Niya: “Ako ang Tinapay ng Buhay.” Hindi Niya sinabi, “Binibigyan ko kayo ng tinapay.” Sa halip ay sinabi Niya, “Ako ang

Tinapay.” Siya mismo ang pagkaing ating hinahanap—ang kahulugan, ang buhay, at ang pag-ibig na minimithi ng ating mga puso.

Sa Eukaristiya, nagiging ganap na totoo ang lahat ng ito. Sa Huling Hapunan, kinuha ni Hesus ang tinapay at sinabi, “Ito ang aking katawan.” Kinuha rin Niya ang kalis at sinabi, “Ito ang aking dugo.” Sa mga salitang iyon, hindi lamang Siya nagbigay ng isang bagay, kundi ibinigay Niya ang Kanyang buong sarili. At ang sinimulan Niya sa hapag-kainan ay Kanyang tinupad sa krus. Ang Eukaristiya ay ang buhay na presensya ng Kanyang pag-ibig na ganap na inialay para sa atin.

Hanggang sa kasalukuyan, nakikita natin kung gaano kadalang mawala sa ating isipan ang mas malalim na pagkagutom na ito. Namumuhay tayo sa isang mundong sagana sa maraming bagay, kung saan madalas ay kumakain ang tao kahit hindi naman gutom. Ngunit kahit busog ang katawan, maaaring nananatiling hungkag ang kaluluwa.

Minsan ay tinanong ng isang pari ang grupo ng mga kabataan: “Ano ba talaga ang pinakagusto ninyong makamtan?” Matapos ang ilang sandaling katahimikan, sumagot sila: “Ang matanggap kami kung sino kami... ang magkaroon ng layunin sa buhay... at ang mahalina.”

Ito ang tunay na mga pagkagutom ng puso. At si Hesus ang dumarating upang tugunan ang mga ito.

Isang bata ang tumanggap ng kanyang Unang Banal na Komunyon. Pagkatapos ng Misa, tinanong siya kung bakit siya napakasaya. Ang simple niyang sagot: “Dahil dumating sa akin si Hesus.” Iyan ang pinakapuso ng Eukaristiya—hindi lamang tayo ang lumalapit sa Misa, kundi si Kristo mismo ang lumalapit sa atin.

At kapag tinatanggap natin Siya, may nangyayaring pagbabago. Pumapasok tayo sa pakikipagkaisa—una kay Kristo, at pagkatapos ay sa isa’t isa. Gaya ng paalala ni San Pablo: “Bagama’t marami tayo, iisang katawan tayo, sapagkat nakikibahagi tayo sa iisang tinapay.”

Isipin ninyo ang isang hapag-kainan ng pamilya. Nagkakatipon ang mga tao hindi dahil sila ay perpekto, kundi dahil sila ay kabilang sa pamilya. Sa gayunding paraan, ang altar ay ang hapag ng Panginoon. Hindi natin pinipili kung sino ang nasa ating tabi, ngunit tayo ay ginagawang isa—mga magkakapatid kay Kristo.

Ito ang dahilan kung bakit tinatawag din tayo ng Eukaristiya sa pagbabago ng buhay. Sinabi ni San Agustin: “Tanggapin ninyo kung ano kayo, at maging kung ano ang inyong tinatanggap.” Hindi lamang tayo pinapakain; tayo rin ay binabago. Tinatawag tayong maging katulad ni Kristo, maging “tinapay” para sa iba—mga taong nagbibigay-buhay, nagpapatawad, at nagmamahal.

Mayroon ding paanyaya ang Eukaristiya na alalahanin natin ang Diyos. Sa panahon ng kaginhawahan at kasaganaan, madali nating makalimutan ang Panginoon. Kaya sinabi ni Hesus: “Gawin ninyo ito bilang pag-alaala sa akin.”

Ngunit ang pag-alaalang ito ay hindi lamang simpleng paggunita sa nakaraan. Ginagawa nitong buhay at kasalukuyan ang Kanyang pag-ibig dito at ngayon. Ang bawat Banal na Misa ay isang buhay na pakikipagtagpo kay Kristo.

Sa maraming lugar, ang Kapistahan ng Kabanal-banalang Katawan at Dugo ni Kristo ay ipinagdiriwang sa pamamagitan ng prusisyon. Ang Banal na Eukaristiya ay inililipot sa mga lansangan at sinusundan ng mga tao. Isa itong makapangyarihang tanda na si Kristo ay patuloy na lumalakad kasama natin sa ating pang-araw-araw na buhay.

Isang huling kuwento. May isang matandang lalaki na hindi kailanman lumiliban sa prusisyon ng Kabanal-banalang Katawan at Dugo ni Kristo. Minsan ay may nagtanong sa kanya kung bakit. Ngumiti siya at sumagot, “Sa buong linggo, sinisikap kong sumunod sa Kanya. Ngayon naman, hinahayaan ko Siyang manguna sa akin.”

Iyan ang paanyaya para sa ating lahat.

Lumalapit tayo sa altar na ito dala ang ating mga pagkagutom—ang ating mga tanong, ang ating kahungkagan, at ang ating mga pananabik. At dito, ganap na ibinibigay ni Hesus ang Kanyang sarili sa atin. Pagkatapos, isinusugo Niya tayo upang mamuhay sa pakikipagkaisa, magmahal tulad ng pagmamahal na tinanggap natin, at dalhin ang Kanyang buhay sa isang mundong nagugutom sa pag-ibig at pag-asa.

Nawa’y lumapit tayo nang may bukás na puso.

At nawa’y aalis tayo mula sa hapag na ito na nabago ng Kanyang biyaya.

Amen.

Translated by William Valdrez, Jr. , Perth, Australia